# Gabay sa Pagbabakuna para sa mga Dayuhan sa Korea

Ang mga paunang pagpapareserba ay ginawa alinsunod sa parehong pamantayan at pamamaraan na walang pagkakaiba sa pagitan ng mga residente at dayuhan.
Basahin sa ibaba ang alituntunin sa pagpapareserba at impormasyon sa mga nararapat na tatanggap at magpareserba ng pagbabakuna sa COVID-19.

## ☐ Mga Tatanggap ng Pagbabakuna at Paraan ng Pagpapareserba

○ Mga dayuhan na nagparehistro bilang dayuhan

- Maaari mag-aplay ng pagbabakuna ayon sa pagkakasunud-sunod ng pagbabakuna alinsunod sa 'plano ng pagbabakuna sa buwan ng Agosto-Setyembre para sa mga dapat tatanggap', at ang mga pagpapareserba ay maaaring gawin sa online o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.

* Kapag nakasaad na hindi kwalipikado sa online na pagpapareserba, bisitahin ang lokal na pampublikong Sentro ng Kalusugan, at doon maaring magpareserba pagkatapos magparehistro na isa sa kwalipikadong tatanggap ng bakuna.

- Paraan ng Pagpapareserba -

○ **(On-line - Maaaring ikaw at ang representante)** Magpareserba sa pamamagitan ng pag-access sa sistema ng COVID-19 para sa paunang pagpapareserba(**maaaring makapagpareserba ang iyong representante)**ng pagbabakuna (http://ncvr2.kdca.go.kr)

○ **(Telepono - Maaaring ikaw at ang representante)** Suriin ang numero ng konsultasyon sa pagpapareserba para sa bawat lokal na pamahalaan sa Korea Center for Disease Control and Prevention (1339) o kaya'y ang COVID-19 na sistema ng paunang pagpapareserba ng pagbabakuna (Status ng pagbabakuna (mouse pointer up) → I-click ang status ng operasyon ng pagpapareserba ng telepono sa pagbabakuna ng COVID-19 )

○ Mga dayuhan na walang numero o sertipiko ng pagpaparehistro bilang dayuhan(kabilang ang mga iligal na dayuhan)

- Bumisita sa isang pampublikong sentro ng kalusugan upang magpa-isyu ng isang pansamantalang numero gamit ang iyong pasaporte at magpareserba

* Ang mga dayuhan na walang balidong pasaporte ay dapat magpakita ng isang imbalidong pasaporte, isang imbalidong Alien Registration Card(ARC) na tapos na ang panahon ng pamamalagi, at mga dokumento sa pagkakakilanlan na inisyu ng isang diplomatiko sa Korea.

- Ang pansamantalang numero ng pamamahala ay maaaring maibigay kung ang tagapag-empleyo ay nagpapakita ng personal na impormasyon (pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad, tirahan / address ng lugar ng trabaho, atbp.)ng dayuhang nagtatrabaho.
  - -Matapos makatangap ng pansamantalang numero ng pamamahala, pwede kang mag-aplay para sa pagpapareserba ng pagbabakuna sa pamamagitan ng online o sa telepono(maaaring makapagpareserba ang iyong representante).

※ Hindi kasama ang mga panandaliang residente na 90 araw pababa ang pamamalagi na bumisita lang sa Korea para sa layuning paglalakbay.

## □ Pag-iingat

○ Ang impormasyon sa pagkakakilanlan ay gagamitin lamang para sa mga layunin ng pagbabakuna. at ang katotohanan ng iligal na pananatili ay hindi iaabiso sa tanggapan ng imigrasyon.

○ Ang mga walang insurance sa kalusugan ay maaari lamang magpabakuna sa mga pampublikong sentro ng kalusugan o mga sentro ng pagbabakuna

* Hindi pinapayagan ang pagbabakuna sa mga institusyong medikal tulad ng mga ospital at klinika.

<Isinalin sa Danuri Call Cener 1577-1366>